


Lungsod ng Dixon
Patakaran sa Pagsasara ng Tubig sa Tahanan
Abril 1, 2020

INAPRUBAHAN:  Petsa: 3-12-2020
Jim Lindley, Tagapangasiwa ng Lungsod

1. **Aplikasyon ng Patakarang.** Ilalapat ang Patakarang at mga Pamamaraan sa Serbisyo sa Tubig sa Tahanan (ang "Patakarang" ito) sa lahat ng mga account ng serbisyo sa tubig sa tahanan ng Lungsod ng Dixon ("Lungsod"), ngunit hindi ilalapat sa anumang mga accounts para sa serbisyo na hindi sa tahanan. Sa abot na ang Patakarang ito ay tataliwas sa anumang mga probisyon ng Kodigo ng Munisipyo ng Dixon o ibang mga alituntunin, regulasyon, o patakarang ng Lungsod, mananaig ang Patakarang ito.

2. **Impormasyon sa Pakikipagkontak.** Para sa mga tanong o tulong may kinalaman sa iyong bayarin sa tubig, matatawagan ang kawani sa paniningil ng bayad sa tubig ng Lungsod sa (707) 678-7005. Maaari ring bumisita ang mga mamimili sa Bulwagan ng Lungsod nang personal Lunes hanggang Biyernes, mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., maliban sa mga piyesta opisyal ng Lungsod. Maaari ring makuha ang Patakarang ito sa website sa internet ng Lungsod, sa sumusunod na address: <https://www.cityofdixon.us/water>.

3. **Mga Pamamaraan sa Paniningil ng Bayad.** Ang mga singilin sa serbisyo sa tubig ay mababayaran sa Lungsod minsan sa bawat buwan o sa ibang katulad na dalas tulad ng pagkakapasya ng Konseho ng Lungsod pana-panahon. Lahat ng mga bayarin sa serbisyo sa tubig ay dapat bayaran at mababayaran pagkatanggap at maituturing na huli sa pagbabayad kung hindi nabayaran 19 araw sa petsa ng pagpapadala ng bayarin.

4. **Hindi Pagpapatuloy ng Serbisyo sa Tubig sa Hindi Pagbabayad.** Kung ang bayarin ay huli sa pagbabayad nang hindi bababa sa animnapung (60) araw, maaaring hindi ipagpapatuloy ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa tirahan ng serbisyo.

4.1 Nakasulat na Abiso sa Mamimili. Magbibigay ang Lungsod ng abiso na ipinadala sa koreo sa mamimili na nakatala nang hindi bababa sa sampung (10) araw na may pasok bago putulin ang serbisyo ng tubig. Maglalaman ang abiso ng:

- (a) ang pangalan at tirahan ng mamimili;
- (b) ang halaga ng nahuli sa pagbabayad;
- (c) ang petsa kung kailan dapat gawin ang pagbabayad o mga areglo ng pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo;
- (d) isang paglalarawan ng pamamaraan kung saan maaaring humiling ang mamimili ng isang kahaliling areglo sa pagbabayad, na maaaring kasama ang pagpapalawig, pagbabayad nang hulugan, o iskedyul sa kahaliling pagbabayad;
- (e) ang pamamaraan para makakuha ang mamimili ng impormasyon sa pinansiyal na tulong, kung mailalapat; at
- (f) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ng isang areglo sa pagbabayad o tumanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.

4.2 Nakasulat na Abiso sa mga Nangungupahan o Tenant. Kung nagbibigay ang Lungsod ng tubig sa pamamagitan ng pangunahing metro, nagbibigay ng serbisyo na may kani-kanyang metro sa isang bahay na may iisang pamilya, gusali na marami ang nakatira, mobile home park, o farm labor camp, o kung ang tirahan na padadalhan ng koreo ng mamimili ay iba sa tirahan ng serbisyo, magpapadala rin ang Lungsod ng isang abiso sa mga nangungupahan na nakatira sa tirahan ng serbisyo nang hindi bababa sa sampung (10) araw na may pasok bago ang pagputol sa serbisyo sa tubig. Ipapangalan ang abiso sa “Nangungupahan,” maglalaman ng impormasyon na kinakailangan sa Seksiyon 4.1 sa itaas at ipapabatid sa mga nangungupahan sa tahanan na may karapatan sila na maging mamimili ng Lungsod nang hindi hinihilingan na bayaran ang halaga na dapat bayaran sa account na nahuli ang pagbabayad. Ang mga pagtatakda at kondisyon para sa mga nangungupahan na maging mamimili ng Lungsod ay ibinigay sa Seksiyon 8 sa ibaba.

4.3 Pagpaskil ng Abiso sa Tirahan ng Serbisyo. Kung tumanggap ang Lungsod ng nakasulat na abiso na ibinalik sa koreo bilang hindi maihahatid at hindi kayang makontak ang mamimili o isang adulto na umookupa sa tahanan sa pamamagitan ng telepono, pagsisikapan ng Lungsod na may mabuting hangarin na bisitahin ang tahanan at mag-iwan ng isang abiso ng napipintong pagputol ng serbisyo sa tahanan sa isang kapansin-pansing lugar sa tirahan ng serbisyo. Liwan ang abiso sa tahanan nang hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago ang pagputol sa serbisyo. Isasama sa abiso:

- (a) ang pangalan at tirahan ng mamimili;
- (b) ang halaga ng nahuli sa pagbabayad;
- (c) ang petsa kung kailan dapat gawin ang pagbabayad o mga areglo ng pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo;
- (d) ang pamamaraan para makakuha ang mamimili ng impormasyon sa pinansiyal na tulong, kung mailalapat; at
- (e) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ng isang areglo sa pagbabayad o tumanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.

4.4 Mga Sirkumstansiya na sa Ilalim Nito ang Serbisyo ay Hindi Puputulin. Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa tahanan dahil hindi nagbayad sa ilalim ng mga sumusunod na sirkumstansiya:

- (a) Sa panahon ng isang imbestigasyon ng Lungsod ng isang pagtatalo o reklamo ng mamimili sa ilalim ng Seksiyon 5.1 sa ibaba;
- (b) Sa panahon ng pagkabimbin ng isang apela sa Konseho ng Lungsod sa ilalim ng Seksiyon 5.3 sa ibaba;
- (c) Sa panahon ng yugto ng panahon kung saan ang pagbabayad ng isang mamimili ay nasa ilalim sa isang pagpapalawig, pagbabayad

nang hulugan, o iskedyul ng kahaliling pagbabayad na inaprubahan ng Lungsod, sa ilalim ng Seksiyon 6 sa ibaba, at nananatili ang mamimili na sumusunod sa areglo ng pagbabayad na inaprubahan;
o

- (d) Tulad ng ibinigay sa seksiyon 14.02.1005 ng Kodigo ng Munisipyo ng Dixon.

4.5 Mga Espesyal na Medikal na Pinansiyal na Sirkumstansiya na sa Ilalim Nito ang mga Serbisyo ay Hindi Puputulin.

- (a) Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon ay natutugunan:
 - (i) Magsusumite ang mamimili, o ang tenant ng mamimili, sa Lungsod ng sertipikasyon ng isang lisensiyadong tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga na ang pagputol ng serbisyo ng tubig ay magiging banta sa buhay ng, o seryosong nagbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente ng lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo sa tahanan;
 - (ii) Ipinapakita ng mamimili na wala siyang kakayahang bayaran ang serbisyo sa tahanan sa loob ng normal na siklo ng pagbabayad ng Lungsod. Ang mamimili ay napatunayang walang kakayahang magbayad sa panahon ng normal na siklo ng pagbabayad kung: (a) sinumang miyembro ng sambahayan ng mamimili ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Programa sa Suplementong Kita sa Seguridad/Suplementong Pagbabayad ng Estado, o Espesyal na Suplementong Programa sa Nutrisyon ng California para sa mga Kababaihan, Sanggol, at Bata, o (b) ipinahahayag ng mamimili sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay kulang sa 200 porsiyento ng pederal na antas sa kahirapan; at
 - (iii) Handa ang mamimili na lumagay sa isang kahaliling areglo ng pagbabayad, kasama ang pagpapalawig, pagbabayad nang hulugan, o iskedyul ng kahaliling pagbabayad, na may kinalaman sa mga singilin ng nahuli sa pagbabayad.
- (b) Para sa sinumang mga mamimili na nakatutugon sa lahat ng mga kondisyon sa itaas, mag-aalok ang Lungsod sa mamimili ng isa sa mga sumusunod na opsiyon, na pipiliin ng Lungsod ayon kapasyahan nito: (1) isang pagpapalawig ng yugto ng pagbabayad; o (2) isang iskedyul ng kahaliling pagbabayad o pagbabayad nang hulugan ng hindi bayad na balanse. Ang Tagapangasiwa ng

Lungsod o itinalaga ang pipili ng pinakaangkop na areglo na pagbabayad, na isinaalang-alang ang impormasyon at dokumentasyon na ibinigay ng mamimili, pati ang mga pangangailangan sa pagbabayad ng Lungsod.

(c) Ang mamimili ang responsible sa pagpapakita na ang mga kondisyon sa subseksiyon (a) ay natugunan. Sa sandaling matanggap ang dokumentasyon mula sa mamimili, na dapat ibigay sa Lungsod nang hindi bababa sa 48 oras bago ang petsa ng pagputol, rerepasuhin ng Lungsod ang dokumentasyon sa loob ng pitong (7) araw at: (1) aabisuhan ang mamimili ng kahaliling areglo ng pagbabayad na pinili ng Lungsod at hihilingan ang pinirmahang pahintulot ng mamimili na lumahok sa kahaliling areglong iyan; (2) hihilingan ng karagdagang impormasyon mula sa mamimili; o (3) aabisuhan ang mamimili na hindi niya natutugunan ang mga kondisyon sa subseksiyon (a). Inilalaan ng Lungsod ang karapatan na palawigin ang yugto ng pagsusumite ng dokumentasyon ng mamimili alinsunod sa kapasyahan ng Lungsod.

(d) Maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang isang mamimili na pinagkalooban ng kahaliling areglo sa pagbabayad sa ilalim ng seksiyong ito ay nabigong gawin ang anuman sa mga sumusunod sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa:

(a) bayaran ang mga singiling hindi bayad sa petsa ng pagpapalawig ng pagbabayad;

(b) bayaran ang anumang halaga na dapat bayaran sa ilalim ng kasunduan sa isang iskedyul ng kahaliling pagbabayad o pagbabayad nang hulugan; o

(c) bayaran ang kanyang kasalukuyang singilin sa serbisyo sa tubig.

Ipapaskil ng Lungsod ang panghuling abiso ng layunin na putulin ang serbisyo sa isang prominente at kapansin-pansing lokasyon sa tirahan ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw na may pasok bago ang pagputol ng serbisyo. Ang panghuling abiso ay hindi magbibigay ng karapatan sa mamimili sa anumang imbestigasyon o pagrepaso ng Lungsod.

4.6 Oras ng Pagputol ng Serbisyo. Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa Sabado, Linggo, legal na piyesta opisyal, o sa anumang oras kung kailan ang opisina ng Lungsod ay hindi bukas sa publiko.

4.7 Pagpapanumbalik ng Serbisyo. Ang mga mamimili na ang serbisyo sa tubig ay pinutol ay maaaring kontakin ang Lungsod sa pamamagitan ng telepono o nang personal na may kinalaman sa pagpapanumbalik ng serbisyo. Ang pagpapanumbalik

ay isasailalim sa pagbabayad ng: (a) anumang halaga ng mga dapat bayaran, kasama ang mailalapat na interes o multa; (b) anumang mga bayarin sa muling pagpapakabit, na nasa ilalim ng mga limitasyon sa Seksiyon 7.1, kung mailalapat; (c) at isang deposito sa seguridad, kung kinakailangan ng Lungsod.

5. Mga Pamamaraan upang Hamunin o lapela ang isang Bayarin.

5.1 Oras upang Simulan ang Reklamo o Humiling ng isang Imbestigasyon. Maaaring simulan ng mamimili ang isang reklamo o humiling ng isang imbestigasyon na may kinalaman sa halaga ng isang bayarin sa loob ng labinlimang (15) araw ng pagkakatanggap ng pinagtatalunang bayarin. Para lang sa mga layunin ng Seksiyon 5.1 na ito, ang isang bayarin ay napatunayang tinanggap ng mamimili limang (5) araw pagkatapos na ipadala sa koreo.

5.2 Pagrepaso ng Lungsod. Ang isang napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon ay rerepasuhin ng isang tagapangasiwa ng Lungsod, na magbibigay ng nakasulat na pagpapasya sa mamimili. Isasama sa pagrepaso ang pagsasaalang-alang kung maaaring tumanggap ang mamimili ng isang pagpapalawig, pagbabayad nang hulugan, o iskedyul ng kahaliling pagbabayad sa ilalim ng Seksiyon 6.

5.3 Apela sa Konseho ng Lungsod. Sinumang mamimili na ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa isang imbestigasyon na alinsunod sa Seksiyong 5 na ito ay nagresulta sa isang hindi positibong pagpapasya ng Lungsod ay maaaring iapela ang pagpapasya sa Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng paghahain ng isang nakasulat na abiso ng apela sa Kawani ng Lungsod sa loob ng sampung (10) araw na may pasok mula sa pagpapadala sa koreo ng Lungsod ng pagpapasya nito. Sa sandaling matanggap ang abiso ng apela, ang Kawani ng Lungsod ay itatakda ang usapin upang marinig sa isang paparating na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod at ipapadala sa koreo sa mamimili ang nakasulat na abiso ng oras at lugar ng pagdinig nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagpupulong. Ang desisyon ng Konseho ng Lungsod ay magiging pinal.

6. Mga Pagpapalawig at Ibang mga Areglo sa Kahaliling Pagbabayad.

6.1 Oras upang Humiling ng isang Pagpapalawig o Ibang Areglo ng Kahaliling Pagbabayad. Kung hindi kayang bayaran ng isang mamimili ang isang bayarin sa normal na yugto ng pagbabayad, maaaring humiling ang mamimili ng isang pagpapalawig o ibang areglo ng kahaliling pagbabayad na inilarawan sa Seksiyong 6 na ito. Kung nagsumite ang isang mamimili ng kanyang kahilingan sa loob ng labindalawang (12) araw pagkatapos ng pagpapadala sa koreo ng isang nakasulat na abiso ng pagputol ng serbisyo ng Lungsod, rerepasuhin ang kahilingan ng isang tagapangasiwa ng Lungsod. Ang mga desisyon ng Lungsod na may kinalaman sa mga pagpapalawig at ibang mga areglo sa kahaliling pagbabayad ay pinal at hindi isasailalim sa apela sa Konseho ng Lungsod.

6.2 Pagpapalawig. Kung inaprubahan ng Lungsod, ang pagbabayad ng isang mamimili sa kanyang hindi bayad na balanse ay maaaring pansamantalang palawigin nang hindi lalampas sa anim (6) na buwan pagkatapos na ang balanse ay orihinal na

napaso. Titiyakin ng Tagapangasiwa ng Lungsod o ang itinalaga, sa kanyang kapasyahan, kung gaano kahaba ang pagpapalawig na ibibigay sa mamimili. Babayaran ng mamimili ang buong hindi bayad na balanse sa petsang itinakda ng Lungsod at dapat manatiling napapanahon sa lahat ng mga singilin sa serbisyo ng tubig na natipon sa panahon ng anumang mga kasunod na yugto ng pagbabayad. Ang pinalawig na petsa ng pagbabayad ay ilalagay nang nakasulat at ibibigay sa mamimili.

6.3 Iskedyul sa Kahaliling Pagbabayad o Pagbabayad nang Hulugan. Kung inaprubahan ng Lungsod, maaaring bayaran ng isang mamimili ang kanyang hindi bayad na balanse alinsunod sa isang iskedyul ng kahaliling pagbabayad o pagbabayad nang hulugan na hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan, tulad ng ipinasya ng Tagapangasiwa ng Lungsod o ang itinalaga, sa kapasyahan nito. Kung inaprubahan, maaaring payagan ng isang iskedyul ng kahaliling pagbabayad ang pana-panahong pagbabayad na dagup na hindi sumasabay sa itinatag na pesta ng pagbabayad ng Lungsod o maaaring magbigay ng mga pagbabayad na ginawa na humigit-kumulang madalas kaysa sa regular na petsa ng pagbabayad ng Lungsod. Kung ang pagbabayad nang hulugan ang inaprubahan, ang hindi bayad na balanse ay hahatiin sa bilang ng mga buwan sa yugto ng pagbabayad nang hulugan, at na ang halaga ay idaragdag sa mga buwanang bayarin ng mamimili para sa serbisyo sa tubig hanggang sa buong mabayaran. Sa panahon ng yugto ng iskedyul ng kahaliling pagbabayad o pagbabayad nang hulugan, dapat manatiling napapanahon ang mamimili sa lahat ng mga singilin sa serbisyo sa tubig na natipon sa panahon ng mga kasunod na yugto ng pagbabayad. Ang iskedyul sa kahaliling pagbabayad o pagbabayad nang hulugan at mga halaga ay sasabihin nang nakasulat at ibibigay sa mamimili.

6.4 Pagkabigong Sumunod. Kung ang isang orihinal na pagbabayad ay hindi bababa sa animnapung (60) araw na nahuli sa pagbabayad at ang isang mamimili na pinagkalooban ng isang kahaliling areglo ng pagbabayad ay nabigo alinman na: (a) bayaran ang kanyang mga hindi na bayad na singilin sa petsa ng pinalawig na pagbabayad; o (b) bayaran ang anumang halaga na dapat bayaran sa ilalim ng isang iskedyul ng kahaliling pagbabayad o iskedyul ng pagbabayad nang hulugan, kung gayon maaaring wakasan ng Lungsod ang serbisyo ng tubig. Ipapaskil ng Lungsod ang panghuling abiso ng layunin na putulin ang serbisyo sa isang prominente at kapansin-pansing lokasyon sa tirahan ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw na may pasok bago ang pagputol ng serbisyo. Ang panghuling abiso ay hindi magbibigay ng karapatan sa mamimili sa anumang imbestigasyon o pagrepaso ng Lungsod.

6.5 Mga Pagbabawas o Waiver ng Pagbabayad. Mga pagbabawas o waiver sa mga singilin sa serbisyo ng tubig ay wala sa panahong ito.

7. Mga Espesipikong Programa sa mga Mamimili na May Mababang Kita.

7.1 Mga Limitasyon ng Bayarin sa Muling Pagpapakabit at Pagsuko ng Interes. Para sa mga mamimili sa tahanan na nagpapakita sa Lungsod ng isang kita ng sambahayan na mababa sa 200 porsiyento ng pederal na linya ng kahirapan, gagawin ng Lungsod na:

- (a) Limitahan ang anumang mga bayarin sa muling pagpapakabit sa

panahon ng mga normal na yugto ng operasyon sa limampung dolyar (\$50), at sa panahon ng kawalan ng operasyon sa isang daan at limampung dolyar (\$150). Ilalapat lang ang mga limitasyon kung ang mga bayarin sa muling pagpapakabit ay totoong lumalampas sa mga halagang ito. Ang mga limitasyong ito ay isasailalim sa isang taunang pagsasaayos para sa mga pagbabago sa Indese sa Presyo ng Mamimili para sa lahat ng mga Mamimili sa Kalunsuran (CPI-U) ng Kawanihan ng Estadistika sa Paggawa simula Enero 1, 2021.

- (b) Isusuko ang mga singilin sa interes sa mga bayarin ng nahuli sa pagbabayad minsan sa bawat 12 buwan. Ilalapat ng Lungsod ang waiver sa anumang mga singilin sa interes na hindi bayad sa panahon ng kahilingan ng mamimili.

7.2 Mga Kuwalipikasyon. Ituturing ng Lungsod ang isang mamimili sa tahanan na may kita ng sambahayan na mababa sa 200 porsiyento ng pederal na linya ng kahirapan kung: (a) sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Programa sa Suplementong Kita sa Seguridad/Suplementong Pagbabayad ng Estado, o Espesyal na Suplementong Programa sa Nutrisyon ng California para sa mga Kababaihan, Sanggol, at Bata, o (b) ipinahahayag ng mamimili sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay kulang sa 200 porsiyento ng pederal na antas sa kahirapan.

8. **Mga Pamamaraan para sa mga Nangungupahan o Tenant na Maging mga Mamimili ng Lungsod.**

8.1 Kakayahang Mailapat. Ilalapat lang ang Seksiyong 8 na ito kapag ang nagmamay-ari ng ari-arian, panginoong maylupa, tagapangasiwa, o nagpapatakbo ng isang tirahan ng serbisyo ng tahanan ay nakalista bilang ang mamimili na nakatala at napagbigyan ng isang abiso ng layunin na putulin ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad.

8.2 Kasunduan sa mga Pagtatakda at Kondisyon ng Serbisyo ng Lungsod. Ibibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga totoong umookupa ng tahanan kung sumasang-ayon ang bawat umookupa sa mga pagtatakda at kondisyon ng serbisyo at tumutugon sa mga kinakailangan ng mga alituntunin at regulasyon ng Lungsod. Sa kabila nito, kung may isa o higit pa sa mga umookupa ay handa at kayang akuin ang responsibilidad para sa mga kasunod na singilin sa account sa kasiyahan ng Lungsod, o kung may pisikal na kakayahan, na legal na mayroon sa Lungsod, na piliing putulin ang serbisyo sa mga umookupang iyon na hindi tumutugon sa mga kinakailangan ng mga alituntunin at regulasyon ng Lungsod, ibibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga umookupa na nakatutugon sa mga kinakailangang iyon.

8.3 Beripikasyon ng Pagiging Nangungupahan. Upang maging karapat-dapat na maging mamimili nang hindi binabayaran ang halaga na dapat bayaran sa isang account na nahuli sa pagbabayad, beberipikahin ng umookupa na ang mamimili na nakatala ng account ng nahuli sa pagbabayad ay ang panginoong maylupa,

tagapangasiwa, o ahente ng bahay. Maaaring kasama sa beripikasyon ang, ngunit hindi limitado sa, isang kasunduan sa pagpapaupa o pagrerenta, mga resibo ng renta, isang dokumento ng pamahalaan na nagpapahiwatig na ang umookupa ay nagrerenta sa ari-arian, o impormasyong alinsunod sa Seksiyon 1962 ng Kodigo Sibil, sa kapasyahan ng Lungsod.

8.4 Mga Paraan ng Pagtatatag ng Kredito. Kung ang naunang serbisyo sa isang yugto ng panahon ay isang kondisyon ng pagtatatag ng kredito sa Lungsod, ang katunayan ng paninirahan at patunay ng maagap na pagbabayad ng renta sa yugtong iyan ng panahon ay isang kasiya-siyang katumbas.

9. **Wika para sa mga Tiyak na Nakasulat na Abiso.** Ang lahat ng mga nakasulat na abiso sa ilalim ng Seksiyon 4 ng Patakaran ay ibibigay sa Ingles, Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, Koreano, at anumang ibang wika na sinasalita ng sampung porsiyento (10%) o higit pa ng mga tao sa lugar na siniserbisuhan ng Lungsod.

10. **Mga Ibang Remedyo.** Bilang karagdagan sa pagputol ng serbisyo sa tubig, maaaring ipursige ng Lungsod ang mga anumang ibang remedyo na mayroon sa batas o pagkamakatarungan para sa hindi pagbabayad ng mga singilin sa serbisyo ng tubig, kasama, ngunit hindi limitado sa: pagtamo sa mga halaga ng nahuli sa pagbabayad sa pamamagitan ng paghahain ng pagbebenta sa tunay na ari-arian, paghahain ng paghahabol o legal na aksiyon, pagsangguni sa hindi bayad na halaga sa mga naniningil. Sa pagkakataong ang isang legal na aksiyon ay pinagpasyahan na pabor sa Lungsod, magiging may karapatan ang Lungsod sa pagbabayad ng lahat ng mga gastos at gastusin, kasama ang mga bayarin ng mga abogado at natipong interes.

11. **Hindi Pagpapatuloy ng Serbisyo sa Tubig para sa Ibang mga Paglabag ng Mamimili.** Inilalaan ng Lungsod ang karapatan na hindi ituloy ang serbisyo sa tubig para sa anumang mga paglabag sa mga ordinansa, alituntunin, o regulasyon ng Lungsod maliban sa hindi pagbabayad.